

**Kung sa palagay mo nakaranas ka ng Diskriminasyon dahil sa Bansang Pinagmulan, o nais mo ng higit na impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa:**

**Maaari ka ring makipag-usap sa supervisor ng taong sa tingin mo ay nagdiskrimina sa iyo. Maaari mo ring kausapin ang isang grupo ng komunidad na nagtatrabaho sa mga isyu sa karapatang sibil.**

**Magkakasama, matutulungan natin ang mga tao na makuha ang mga benepisyo at serbisyong kailangan nila, sa mga paraang mauunawaan nila.**

Ini-sponsor ng United States Department of Agriculture, United States Department of Health and Human Services, at United States Department of Justice.



# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Pampederal na Interagency na Grupong Kumikilos sa Limitadong Kasanayan sa Wikang Ingles

***Nahihirapan ka ba sa wikang Ingles? Hindi ka ba makasalita, makabasa, makasulat, o makaunawa nang mabuti sa wikang Ingles? Kung gayon, ikaw ay Limitado ang Kasanayan sa Wikang Ingles o Limited English Proficient (LEP).***

***Dapat magsagawa ng makatuwirang mga hakbang ang mga pampederal na ahensya at organisasyon na kumukuha ng pera mula sa pederal na gobyerno upang matulungan ang mga tao na nahihirapan sa wikang Ingles.***

***Minsan, kapag hindi ka tinulungan ng isang ahensya ng gobyerno o isang organisasyon dahil ikaw ay LEP, nilalabag nila ang batas. Ang tawag dito ay Diskriminasyon dahil sa Bansang Pinagmulan.***

# Kung ikaw ay minaltrato dahil ikaw ay LEP, ito ay maaaring Diskriminasyon dahil sa Bansang Pinagmulan.



*May Pederal na batas na nagpoprotekta sa iyong mga karapatang sibil. Tinatawag ang batas na Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964.*

## MGA HALIMBAWA ng Posibleng Diskriminasyon:

1 Ikaw at ang maraming tao na nakatira sa iyong lugar ay nagsasalita ng wikang Vietnamese at madalas nagpupunta sa ospital para sa emerhensyang pangangalaga. Hindi nauunawaan ng ospital ang mga pasyenteng LEP na ito. Marami sa mga pasyenteng Vietnamese ang hindi nakakaunawa kung ano ang sinasabi sa kanila ng ospital tungkol sa kanilang medikal na pangangalaga.

2 Tumawag ka sa 911 para mag-ulat ng krimen. Hindi ka nauunawaan ng operator at hindi ka matulungan.

3 Ang paaralan ng iyong anak ay impormasyon o abiso sa iyo sa wikang Ingles. Alam ng paaralan na wikang Espanyol lang ang sinasalita mo. Tumatangging magbigay ng impormasyon ang paaralan sa iyo sa wikang Espanyol at sa halip ay iminumungkahi na ang iyong anak ang mag-interpret ng impormasyon para sa iyo.

4 Sinubukan mong mag-apply para sa mga food stamp. Nasa wikang Ingles ang aplikasyon. Hindi mo naunawaan ang aplikasyon. Sinabihan ka ng tanggapan para sa Food Stamp na bumalik kasama ang iyong sariling interpreter.

## MGA HALIMBAWA ng mga Mabuting Gawi:

1 Alam ng ospital na marami sa mga taong hindi makaunawa wikang Ingles at nagsasalita ng wikang Vietnamese ay nakatira sa lugar. May mga interpreter ang ospital na handang at maaaring tumulong sa iyo kapag nagpunta ka sa ospital para sa pang-emerhensiyang pangangalaga.

2 Tumawag ka sa 911 para mag-ulat ng krimen. Hindi Kinonekta ka nang mabilis ng operator sa isang interpreter na tumulong sa iyo.

3 Ang paaralan ng iyong anak ay binubuo ng maraming mga magulang na nagsasalita ng wikang Espanyol. Alam ng paaralan na wikang Espanyol lang ang sinasalita mo. Dapat matanggap mo ang mahalagang impormasyon o abiso sa wikang Espanyol.

4 Ang tanggapan para sa food stamp ay may interpreter, o tumawag ng interpreter sa telepono, para tulungan ka. Isang aplikasyon sa iyong wika ang ibinigay sa iyo.